**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON AUGUST 17, 2021 VIA ZOOM APPLICATION**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr., | Presiding Officer |
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | Councilor |
| Hon. Aileen Grace A. Montalbo, | " |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Gerardo A. Dela Roca, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |
| Hon. Michael Thomas T. Pastor, | " |
| Hon. Isidra "Ched" M. Atienza, | " |
| Hon. Maria Aleth A. Lazarte, | " |
| Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr., | " |
| Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha, | ABC-Rep. |
| Hon. Marjorie A. Manalo, | SK-Fed. Pres. |
| | |
| Hon. Julian B. Villena, | Councilor |

"On motion of Councilor Montalbo seconded by Councilor Angelito Dondon Dimacuha, the following Resolution was Adopted:

**RESOLUTION NO. 239 S. 2021**

**APPROVING THE BARANGAY ORDINANCE NO. 01 S. 2021 OF BARANGAY TALUMPOK SILANGAN, BATANGAS CITY**

**RESOLVED,** to approve the Barangay Ordinance No. 01 S. 2021 of Barangay Talumpok Silangan entitled: "Pagbabawal sa Pagkuha ng Namumulaklak at Pang-Dekorasyon na Halaman (Flowering and Ornamental Plants) sa Kabundukan ng Mt. Banoy na Nasasakupan ng Barangay Talumpok Silangan, Lungsod ng Batangas, na Walang Pahintulot ng May-ari".

**UNANIMOUSLY APPROVED."**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 239 S. 2021 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on August 17, 2021.

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary

**ATTESTED:**

**EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE, JR.**
Presiding Officer

ODT/ystingchuy ...

Republic of the Philippines
BARANGAY TALUMPOK SILANGAN
BATANGAS CITY

*OFFICE OF THE SANGGUNIANG BARANGAY*

## ORDINANSANG PAMBARANGAY BILANG 01
## Serye ng 2021

**PAGBABAWAL SA PAGKUHA NG NAMUMULAKLAK AT PANG DEKORASYON NA HALAMAN (FLOWERING & ORNAMENTAL PLANTS) SA KABUNDUKAN NG MT. BANOY NA NASASAKUPAN NG BARANGAY TALUMPOK SILANGAN, LUNGSOD NG BATANGAS, NA WALANG PAHINTULOT NG MAY-ARI.**

**SAPAGKAT:** itinadhana ng saligang batas ang pagprotekta sa ating kalikasan at pagpapanatili ng kagandahan ng likas na yaman.

**SAPAGKAT:** isa sa pangunahing proyekto ng ating Punong Lungsod ang pagpapaganda ng Mt. Banoy upang maging isang "tourist destination".

**SAPAGKAT:** kung patuloy nating papayagan ang sinuman na pumasok at kumuha ng mga likas na yaman sa ating kabundukan, ay masisira na at mawawala ang kagandahan nito.

**NGAYON, DAHIL DITO,** sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob, pinagtibay ng Sangguniang Barangay ng Talumpok Silangan, Lungsod ng Batangas ang mga sumusunod:

**Seksyon I. Titulo.** Pagbabawal sa pagkuha ng namumulaklak at pang dekorasyon na halaman sa kabundukan ng Mt. Banoy at sa nasasakupan ng Barangay Talumpok Silangan, Lungsod ng Batangas.

**Seksyon II. Nilalaman o Nasasakupan lng Ordinansa**

A. Lahat ng bibisita/turista sa barangay at hindi legal na nagmamay-ari ng lupa na nasasakupan ng barangay.

**Seksyon III.**

Ang sinumang lumabag sa ordinansang ito ay papatawan ng parusang naaayon sa itinadhana ng pang nasyunal na batas, at karagadagang multang itinatalaga ng Sangguniang Barangay ng Barangay Talumpok Silangan.

a. Unang paglabag- multang dalawang daang piso (P200,00) o dalawang araw na serbisyong pang-komunidad.
b. Pangalawang Paglabag- multang tatlong daang piso (P300.00) o tatlong araw na serbisyong pang-komunidad.
c. Ikatlong Paglabag- multang limang daang piso (P500.00) at pagharap ng sakdal sa hukuman para sa mas mabigat na kaparusahan.

**Seksyon IV. Administratibong Pagsasagawa**

Ang sinumang lumabag sa ordinansa ay maisasaayos ang kanyang paglabag sa pamamagitan ng pagbabayad sa tanggapan ng Ingat-Yaman ng barangay sa loob ng apatnaput walong oras (48) mula sa pagkakahuli.

**Seksyon IV. Pagkakabisa**

Ang ordinansang ito ay magkakabisa sampung araw matapos pagtibayin ng Sangguniang Panglungsod.

Pinagtibay ngayong ika- 25 ng Hulyo, taong 2021.

Nagpapatunay:

**MILA R. PANGANIBAN**
Kalihim ng Barangay

Nagpapatibay:

**FRANKLIN M. LONTOC**
Punong Barangay

**MARIO M. BUROG**
Kagawad

**ROMAN C. MANALO**
Kagawad

**LEILA F. MAGTIBAY**
Kagawad

**JR P. PEREZ**
Kagawad

**MARIO L. GUTIERREZ**
Kagawad

**PAULINO S. CANDOR**
Kagawad

**DANILO O. CATIPON**
Kagawad

**MARY JANE D. BRIONES**
SK Chairman

Republic of the Philippines
BARANGAY TALUMPOK SILANGAN
BATANGAS CITY

*OFFICE OF THE SANGGUNIANG BARANGAY*

Katitikan ng regular na pagpupulong na ginanap noong ika- 31 ng Mayo taong 2021 sa Pamahalaang Pambarangay na dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Talumpok Silangan.

Mga Dumalo:

Punong Barangay Franklin Lontoc
Kagawad Mario Burog
Kagawad Roman Manalo
Kagawad Leila Magtibay
Kagawad JR Perez
Kagawad Mario Gutierrez
Kagawad Paulino Candor
Kagawad Danilo Catipon
Ingat-Yaman Marivic David
Kalihim Mila Panganiban
SK Chairman Mary Jane Briones

Di-dumalo:

Wala

Ang pagpupulong ay pormal na pinasimulan sa ganap na ika- 8:30 ng umaga. Ang panalangin ay pinangunahan ni Kagawad Leila Magtibay at sinundan ng Pambansang Awit ng Pilipinas.

Binasa ng Kalihim ang katitikan ng nakaraang pagpupulong sa dahilang walang naging pagwawasto ang nakaraang katitikan ay mananatili ayon sa pagkakasulat at pagkakabasa.

Unang pinagtalakayan ang tungkol sa Mt. Banoy. Hanggang sa ngayon ay hindi pa nagkakakaroon ng pagpupulong sa mga taga Cenro at Forest Ranger, at ayon sa Punong Barangay ay kailangan na boluntaryo at hindi mga empleyado ng wireless ang siyang itatalaga bilang forest ranger at talagang gaganap, mapagkakatiwalaan at tutupad sa tungkulin ang mahihirang. Maaari na kung sakaling madevelop na ang Mt. Banoy ay siya nang magiging permanente ng Forest Ranger at kung sakali sa banda banda diyan ay magkaroon ng payroll ang mga ito. Kailangan din na makasama natin si James Rietta, pinaka president ng Forest Ranger upang ating malaman ang ilang mga bagay tungkol sa Mt. Banoy. Magkaroon din sana tayo ng isang araw sa isang linggo

upang makapanlimot man lang ng plastic simula sa Mt. banoy pababa, malaking kabawasan na ito sa mga basurang ating nakikita na iniiwan ng mga bumibisita at namamasyal na basta kung saan saan itiatapon ang kanil;angt basura. Ihanda din aniya ang mgta komento kapag idinaos na ang pagpupulong sa mga taga CENRO.

Sumunod na pinagtalakayan ang garden. Nasimulan na ito, kulang lamang na mapantay ang lupa at malagyan ng matabang lupa at mataniman. Kaugnay pa ng gagawin ay ang bakal sa court kailangan na maumpisahan sapagkat maninigas ang semento na nadito sa hall.

Sumunod na pinagtalakayan ang tungkol sa mga mag aalaga ng baboy. Ang mga babuyan na may nagrereklamo ay pakitingnan kung sumusunod ang mga ito sa tamang paglalagay ng septik tank at tumatagas pa rin sa ilog ang dumi ng baboy dahil kungh hindi niula pag aaalagain kapag hindi aprubado ng mga taga barangay.

Sumunod na pinagtalakayan ang tungkol sa ipinasang ordinansa tungkol sa pagbabawal ng Pagbabawal ng Pagkuha ng halaman sa kabundukan ng Mt. Banoy hindi ito pumasa sa Sanggunian o hindi naapruban sapagkat kailangan na ma specify ang uri ng halaman na ipinagbabawal na kuhanin at ang excemption sa legal na nagmamay ari ng lupa sa Mt. Banoy at ang penalty sa pagkuha ay iaayon sa batas na mas mababa kaysa naunang ginawa. Kaya't napagkasunduan na baguhin ang pamagat nito sa "Pagbabawal ng Pagkuha ng Namumulaklak at Pang Dekorasyon na Halaman (Flowering at Ornamental Plants) sa Kabundukan ng Mt. Banoy na Nasasakupan ng Barangay Talumpok Silangan, Lungsod ng Batangas na walang pahintulot ng may-ari."

Sumunod na pinagtlakayan ang tungkol sa Top 3 Priority Project. Napagkasunduan na:

1. Rehabilitation/Cooncreting of Barangay Road
2. Spillway/Culvert
3. Street Lights

Sumunod dito ang pagbisita ng taga Batangas City PNP sa pamumuno ni Sir Magsino upang maabisuhan ang mga Barangay Officials na mag ikot at paigtingin ang pagsunod sa safety protocols. Limitahan ang mass gathering sa mga nasasakupan at paalalahanan ang lahat upang makaiwas sa pagdami ng COVID -19.

Sumunod na pinagtalakayan ang Amatong River. Ayon sa Punong Barangay ay ating bisitahin at planuhin kung paano mapaganda at kung saan pwedeng lagyan ng daan/hagdan kung saka sakali at ating ipanghihingi ng materyales na magagamit upang may isa pa tayong magandang pasyalan bukod sa Mt. Banoy.,

Sumunod dito ay pag uulat pananalapi ng Ingat-Yaman sa pondo ng barangay.

Sa mungkahi ni Kagawad Leila Magtibay na pinangalawahan ni Kagawad JR Perez at sinang-ayunan ng lahat ng dumalo ang pagpupulong ay itinindig sa ganap na ika-1 ng hapon.

Pinatutunayan ko ang kawastuhan ng katitikang ito.

Nagpapatunay:

**MILA R. PANGANIBAN**
Kalihim ng Barangay

Nagpapatibay:

**FRANKLIN M. LONTOC**
Punong Barangay